



D OUTCOM DATS NO.

I INCOMING

MEMORANDUM

FOR

The Regional Director

Mines and Geosciences Bureau - MIMAROPA Region

FROM

The OIC, PENR Officer

SUBJECT :

RESOLUSYON NA MULING **NAGPAPAHAYAG** NG MAHIGPIT NA PAGTUTOL SA APLIKASYON NG CONSOLIDATED MINES INC. (CMI) PARA SA MINERAL PRODUCTION SHARING **AGREEMENT** NASASAKUPAN NG BAYAN NG MOGPOG, MARINDUQUE

DATE

22 August 2022

Respectfully referred to your Office is the Resolution No. 98-2022 of the Sangguniang Bayan of Mogpog, Marinduque dated 3 August 2022, expressing their strong objection against the application for Mineral Production Sharing Agreement of the Consolidated Mines Inc. covering areas within the said municipality.

The resolution is a response to the CMI's previous mine operation in the municipality which was abandoned without a comprehensive post mining rehabilitation plan after its operation has stopped. Further, this is in support of the request of the LGU's and NGO's of Marinduque to declare the province a "Mining Free Zone" and implement a "Mining Moratorium".

For your information and consideration.

Digitally signed by Diaz Imelda Mendoza IMELDA M. DIAZ

Cf Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region

MEMORANDUM

FOR : The Regional Director

Mines and Geosciences Bureau - MIMAROPA Region

FROM: The OIC, PENR Officer

SUBJECT: RESOLUSYON NA MULING NAGPAPAHAYAG NG

MAHIGPIT NA PAGTUTOL SA APLIKASYON NG CONSOLIDATED MINES INC. (CMI) PARA SA MINERAL PRODUCTION SHARING AGREEMENT (MPSA) SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MOGPOG, MARINDUQUE

DATE : 22 August 2022

Respectfully referred to your Office is the Resolution No. 98-2022 of the Sangguniang Bayan of Mogpog, Marinduque dated 3 August 2022, expressing their strong objection against the application for Mineral Production Sharing Agreement of the Consolidated Mines Inc. covering areas within the said municipality.

The resolution is a response to the CMI's previous mine operation in the municipality which was abandoned without a comprehensive post mining rehabilitation plan after its operation has stopped. Further, this is in support of the request of the LGU's and NGO's of Marinduque to declare the province a "Mining Free Zone" and implement a "Mining Moratorium".

For your information and consideration.

IMELDA M. DIAZ

1

Cf: Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region



Republic of the Philippines Department of Environment and Natural Resources Provincial Environment and Natural Resources Office Boac, Marinduque



PENRO DOCUMENT ACTION AND TRACKING SLIP

DOCUMENT INFORMATION

Document Category: Incoming

Document No.: 2022-IN-002065

Sender/s:

Office of Sangguniang Bayan - Mogpog

Originating Office: Office of Sanggunlang Bayan - Mogpog

Classification: Simple

Address:

Control Code:

Is This Urgent?: Yes

Document Type: Letter

Encoded By: Manoel Christian Munar

Date & Time Received: 08/16/2022 11:46 AM

Subject: Resolusyon na muling nagpapahayag ng mahigpit na pagputol sa aplikasyon ng CMI etc... -- Office of Sangguniang

Bayan - Mogpog

HISTORY LOGS

DOC. FROM	DOC. TO	RECEIVED	RELEASED	RUNTIME	ACTION TO BE TAKEN / REMARKS
 Office of Sangguniang Bayan - Mogpog 	Imelda Diaz	08/16/2022 11:46 AM	08/16/2022 11:47 AM	1 min.	Comment/Evaluation

MSD/Records MGB focal person

For info. & reference.

For file & records.

Pls peper tain to of maB.



Republic of the Philippines MUNICIPALITY OF MOGPOG Marinduque

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN 116 16 2022 11:25 AF

THROUGHERT AND

PENRO MARINDU

HALAW SA **KATITIKAN** NG IKA-4 **PANGKARANIWANG** NA **PAGPUPULONG** NG SANGGUNIANG MOGPOG. BAYAN NG MARINDUQUE NA GINANAP NOONG IKA-3 NG AGOSTO, 2022 SA BAGONG SILID PULUNGAN NG MUNISIPYO.

Mga Dumalo:

	Kgg. Jonathan Felipe M. Garcia	Pangalawang Punong Bayan
		at Tagapangulo
	Kgg. Senen M. Livelo, Jr.	SB Member
	Kgg. Belen M. Luisaga	SB Member
	Kgg. Roselle M. Ola	SB Member
	Kgg. Jose Neryl L. Manggol	SB Member
	Kgg. Franklin L. Sarili	SB Member
	Kgg. Mauris DP. Malilay	SB Member
	Kgg. Edgardo O. de la Cruz	SB Member
	Kgg. Roberto N. Narito	SB Member
	Kgg. Willie M. Paredes SE	Member (Liga Pangalawang Pangulo)
	Kgg. Jeduthun Ethan F. Valdez	SB Member (PPSK Pangulo)
Liban		
	Wala	
X		x

Resolusyon Blg. 98-2022

ISANG RESOLUSYON NA MULING NAGPAPAHAYAG NG MAHIGPIT NA PAGTUTOL SA APLIKASYON NG CONSOLIDATED MINES INC. (CMI) PARA SA MINERAL PRODUCTION SHARING AGREEMENT (MPSA) SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MOGPOG, MARINDUQUE

AKDA NI: KGG. ROSELLE M. OLA

"Taga-Pangulo, Komitiba ng Pangangalaga ng Kapaligiran at Likas na Yaman"

SAPAGKAT, sa kasalukuyan, ang Consolidated Mines Inc. (CMI) ay may aktibong aplikasyon sa Mines and Geosciences Bureau (DENR-MGB) para sa Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) upang muling magmina sa nasasakupan ng bayan ng Mogpog, Marinduque;

SAPAGKAT, ang bayan ng Mogpog, kaisa ang Provincial Government at iba pang mga LGU's sa lalawigan at NGO's tulad ng MACEC ay nauna nang hilingin sa Pamahalaang Nasyunal na isama ang Marinduque sa "Mining Free Zone" at may posisyon na "Mining Moratorium" sa lalawigan upang ito ay mapagtuunan ng pansin at sama-samang ihanap ng solusyon sa mga suliranin at pinsalang iniwan ng mahabang taon ng pagmimina sa lalawigan, na hanggang ngayon ay hindi pa naiisaayos, kasama na dito ang iniwan ng CMI noong huminto ang operasyon nito ang walang komprehensibong "Post Mining Operation Rehabilitation Plan" na isinagawa sa Mogpog;

SAPAGKAT, Ang bayan din ng Mogpog ay may mga sumusunod na umiiral na Ordinansa at mga Resolusyon na nagpapahayag ng tuloy-tuloy na paninindigan tulad ng nauna nang nabanggit gaya ng:

- 1. Municipal Ordinance No. 2010-146 sumusuporta sa 50-year mining moratorium sa bayan ng Mogpog.
- 2. Municipal Resolution 14-2014 nagpapahayag ng patuloy na pagtutol sa anumang uri ng pagmimina maliban sa sand and gravel quary.
- 3. Municipal Resolution No. 19-2019 humihiling na maging "Mining Free Zone" ang Marinduque
- Municipal Resolution No. 71-2021 Nagpahayag ng pagtutol sa MPSA application ng Marcopper at 38 iba pang Mining Corporations kasama na ang CMI;

DAHIL DITO,

PINAGPASYAHAN, tulad ng **PAGPAPASYANG** ito na muling ipahayag ang paninidigan ng mahigpit na pagtutol ng bayan ng Mogpog sa aplikasyon ng Consolidated Mines Inc. (CMI) para sa Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) sa nasasakupan ng bayan ng Mogpog, Marinduque.

PINAGPASYAHAN DIN, na bigyan ng kaukulang sipi ng resolusyong ito ang Kagalang-galang na Punong Bayan Augusto Leo Livelo, Tanggapan ng Punong Lalawigan, Sangguniang Panlalawigan, Sanguniang Barangay ng Ino at Barangay Capayang, MACEC para sa kanilang impormasyon, suporta at kaukulang aksyon.

PINAGPASYAHANG PANGWAKAS, na padalhan din ng sipi ang Mines and Giosciences Bureau, ang Department of Environment and Natural Resources at ang Consolidated Mines Inc. (CMI) para sa kanilang impormasyon at kaukulang aksyon.

PINAGTIBAY, ngayong ika – 3 ng Agosto 2022 sa Bayan ng Mogpog, Marinduque sa mungkahi ni Kgg. Roselle M. Ola at pinangalawahan ni Kgg. Belen M. Luisaga, Kgg. Edgardo O. de la Cruz at Liga Vice-President Kgg. Willie M. Paredes.

PINATUTUNAYANG WASTO:

VRYANT RAJEHV M. BELISON

Kalihim ng SB

PATOTOO:

JONATHAN FELIPE M. GARCIA Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo